COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-7 ng Setyembre, 2023

## ANG MGA POSTKARD AY IPINADALA NA SA MGA REHISTRADONG BOTANTE PARA SA IKA-7 NG NOBYEMBRE NA MGA ELEKSYON

Mahigit 430,000 mga postcard ang naipadala sa koreo sa mga rehistradong botante sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito, Distrito ng Fallbrook Public Utility at Munisipal na Distrito ng Tubig ng Rainbow na naglilista ng kanilang mga opsyon sa pagboto para sa espesyal na eleksyon sa Ika-7 ng Nobyembre. Ang mga botante lamang na nakatira sa bawat distritong iyon ang maaaring bumoto sa kani-kanilang mga eleksyon.

Ang espesyal na runoff na eleksyon para sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ay pupunan ang bakanteng puwesto para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2027.

Ang mga botante na nakatira sa Distrito ng Fallbrook Public Utility at Munisipal na Distrito ng Tubig ng Rainbow ay boboto sa isang panukala sa balota.

Ang mga rehistradong botante sa mga distritong ito ay makakatanggap ng balota sa koreo sa linggo ng Ika-8 ng Oktubre. Ang opisyal na pakete ng balota ay magsasama rin ng “Bumoto Ako” na sticker, mga instruksyon sa pagboto at iba pang mahalagang impormasyon sa eleksyon.

Ang maagang pagboto ay magsisimula sa Lunes, Ika-9 ng Oktubre, sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa. Ang mga oras ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes. Gayunpaman, hinihikayat ng Tagapagrehistro ang mga botante na gamitin nang mabuti ang benepisyo ng kaginhawahan sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Maaari kayong bumoto sa tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinman sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong county simula Martes, Ika-10 ng Oktubre hanggang sa huling araw ng pagboto, Ika-7 ng Nobyembre.

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan ng balota. Dapat ninyong pirmahan ang sobre para mabilang ang inyong boto.

Ang mga botanteng magbabalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaari nilang i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa “Nasaan ang Aking Balota?”.

COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-7 ng Setyembre, 2023

Kung gusto ninyong bumoto nang personal at iwasan ang mahahabang pila, ang mga piling vote center ay mag-aalok din ng maagang pagboto simula sa Sabado, Ika-28 ng Oktubre. Ang mga vote center ay bukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-7 ng Nobyembre kung saan magbubukas ang lahat ng mga vote center mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na eleksyon sa Ika-7 ng Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101